# Ang Aklat ni Mormon ay Nagtuturo tungkol kay Jesucristo



Habang binabasa mo ang Aklat ni Mormon, mahaharap ka sa maraming pakikipagsapalaran. Maglalakbay ka sa ilang kasama ang pamilya nina Lehi at Saria at mapapanood mo ang paggawa ni Nephi ng barko. Marami ka ring makikilalang propeta—gaya nina Lehi, Nephi, Abinadi, Samuel, at Mormon. Lahat ng propeta sa Aklat ni Mormon ay nagturo tungkol kay Jesus. Nakita pa Siya ng ilan sa kanila. Sa katunayan, iyan ang dahilan kaya ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang espesyal na aklat na ito—para tulungan ang mga tao sa lahat ng dako na malaman ang iba pa tungkol kay Jesus! ■

## MAGPLANO!


Magplanong basahin ang Aklat ni Mormon sa taong ito. Hanapin ang hero card ng Aklat ni Mormon sa buwang ito at ang hamon sa pagbabasa na nasa mga pahina 74–75.

Panoorin ang "Chapter 1: How We Got the Book of Mormon" sa scripturestories.lds.org. Mag-klik sa "Book of Mormon."

MGA PAGLARAWAN NI STEVE KROPP


Maghalinhinan sa pagbabasa ng mga talatang ito. Isulat ang numero ng talatang tumutugma sa bawat propeta sa Aklat ni Mormon. Tingnan sa ibaba kung tama ang mga sagot mo.


1. Eter 12:39, 41.
2. 1 Nephi 1:5, 9.
3. 1 Nephi 11:26–27
4. Mosias 16:8–9
5. Alma 6:8
6. Moroni 9:22














## MAGSULAT TUNGKOL DITO!

Paano ipinakita ni Jesucristo ang pagmamahal Niya sa atin sa Aklat ni Mormon?

Mga sagot: 1. Moroni; 2. Lehi; 3. Nephi; 4. Abinadi; 5. Alma; 6. Mormon